



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-11 ng Agosto, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

INILABAS NA ANG MGA PAMPLET NG SAMPOL NA BALOTA PARA SA RECALL NA ELEKSYON

[Ang mga Pamplet ng Sampol na Balota at Impormasyon para sa Botante](#) ay paparating na sa 1.96 na milyong mga nakarehistrong botante ng County ng San Diego para sa Ika-14 ng Setyembre na Gubernatoryal na Recall na Eleksyon ng California. Ang sabi ng opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay dapat matanggap ng lahat ng mga botante ang kanilang mga pamplet sa o bago ang Ika-21 ng Agosto.

Ang pamplet ng impormasyon para sa botante ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa recall na eleksyon at kung paano botohan ang inyong balota. Ang lahat ng mga botante ay makakatanggap ng isang balotang pangkoreo, ngunit ang mga botanteng pinipiling bumoto nang in person ay maaaring mahanap ang kanilang pinakamalapit na lokasyon ng pagboto na nakalista sa likod ng pamplet ng impormasyon para sa botante. Maaari ding tingnan ng mga botante ang kanilang pamplet [online](#).

Kung kayo ay nag-sign up upang elektronikong matanggap ang inyong pamplet ng impormasyon para sa botante, kayo ay dapat nakatanggap na ng isang email na ipinapaalam sa inyo ang parehong impormasyon at isang link sa inyong pamplet.

Ang mga botante na nais maging isa sa mga unang makakakita ng kanilang pamplet bawat eleksyon ay maaaring [mag-sign up](#) upang elektronikong matanggap ang lahat ng mga susunod na pamplet. Ang mga botanteng pinipili ang opsyong ito ay hindi na makakatanggap ng isang papel na kopya ng pamplet sa koreo ngunit makakatanggap ng isang notipikasyon sa email kapag available na sa online ang pamplet.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa pagboto sa gubernatoryal na recall na eleksyon, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER



COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
[1600 Pacific Highway, Room 208 · San Diego, Ca 92101-2472](#)